emergency contraception

Mahahalagang Paksa Tungkol sa Emergency Contraception

Ang Emergency Contraception (EC) ay sigurado at mahusay na paraan para hindi magbuntis pagkatapos ng pagtatalik.

Pag-isipang gamitin ang Emergency Contraception kung:

- Hindi ka gumamit ng contraceptive nuong nagtatalik, o
- Kung nag-aalangan na baka hindi tumalab ang iyong contraceptive.

Ano ang Emergency Contraceptive pills?

Ang Emergency Contraceptive pills ay naglalaman ng parehong gamot na gaya ng regular na birth control pills, at tutulong para hindi matuloy ang pagbuntis. May dalawang klase ang Emergency Contraceptive pills:

- Plan B™ progestin-lamang na pills
- Mataas na dose ng regular na iniinum na contraceptive pills.

Huwag maghintay! Uminom kaagad ng EC sa lalong madaling panahon.

- Mas makabubuting uminom ng EC sa loob ng tatlong araw pagkaraan ng pagtatalik na hindi ginamitan ng contraceptive.
- Ang EC ay mas mahusay kung mas maagang inumin ito.
- Para sa karagdagang impormasyon makipag-usap sa inyong pharmacist o duktor.

Ang EC ay sigurado at mahusay.

- Ang Progestin-lamang na pills ay 89 porsiyentong makakatulong makaiwas sa pagbubuntis.*
- Ang pag-inom ng magkahalong estrogen/progestin pills ay 75 porsiyentong makakatulong makaiwas sa pagbubuntis.*
- Para sa regular at matagalang pag-gamit, ang mga ibang paraan ng contraceptive ay mas mahusay kaysa sa EC.
- Ang Emergency Contraceptive pills ay hindi makapaghihinto ng pagkalat ng mga nakahahawang sakit na dulot ng pagtatalik, gaya ng HIV/AIDS.

** Ang pag-iwas sa pagbubuntis ay batay sa isang gamit lamang.*

Ang EC ay hindi magdudulot ng paglalaglag ng bata.

- Ang Emergency Contraceptive pills at HINDI katulad ng RU-486 (ang abortion pill).
- Ang Emergency Contraceptive pills ay hindi mahusay kapag buntis na at hindi na makahahadlang sa tuluyang pagbubuntis.

Ang EC ay hindi makasasama sa bata habang buntis.

- Kung ang Emergency Contraceptive pills ay nainom ng hindi sinasadya kung buntis, hindi ito makasasama sa bata na nasa loob ng tiyan.
- Ang paggamit ng Emergency Contraceptive pills ay hindi magdudulot ng tuluyang paghinto kung nais magbuntis ang babae sa mga susunod na panahon.

Ang mga kababaihan ay maaaring magtabi ng pills sa bahay kung kinakailangan.

- Maginhawa sa mga kababaihan kung may Emergency Contraceptive pills na magagamit lalu na't kung emergency.
- Ang mga medical providers o ang inyong pharmacist ay maaaring magbigay ng Emergency Contraceptive pills bago ito kailanganin.

Magpasuri sa duktor pagkaraan ng pag-inom ng Emergency Contraceptive pills.

- Kung hindi normal ang pagdalaw sa loob ng tatlong linggo, gumamit ng pregnancy test.
- Mas mahalagang bumisita sa inyong duktor o klinika kung kailangan ng regular na paraan ng birth control o para sa karagdagang impormasyon tungkol sa paghinto ng pagkalat ng nakahahawang sakit dulot ng pagtatalik, gaya ng HIV/AIDS.

Sa California lahat ng kababaihan at kalalakihan na may tamang halaga na sahod ay maaaring makatanggap ng libreng serbisyo sa family planning galing sa programang Family PACT.

Kung walang duktor o klinika, tumawag sa 1-800-942-1054 para malaman ang pinakamalapit na Family PACT provider sa inyo.

Approved by the California State Board of Pharmacy
Revised July 2004 • Printed by Pharmacy Access Partnership